# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## SENADO NG ESTADOS UNIDOS

- Naglilingkod bilang isa sa dalawang Senador na kumakatawan sa mga interes ng California sa Kongreso ng Estados Unidos.
- Nangmumungkahi at bumoboto sa mga bagong pambansang batas.
- Bumoboto sa pagkumpirma ng mga pederal na hukom, mga Mahistrado ng Korte Suprema ng U.S., at maraming mataas-na-antas na mga paghirang ng presidente sa mga katungkulang sibilyan at militar.

### **Pamela Elizondo** | LUNTIAN



*http://www.facebook.com/Pamela.Elizondo.USSENATE*

P.O. Box 104
Laytonville, CA 95454

Tel: (707) 354-1498
Email: pamelizondo2004@yahoo.com
http://www.facebook.com/Pamela.Elizondo.USSENATE

### **Akinyemi Olabode Agbede** | DEMOKRATIKO



Iligtas ang Amerika! Iligtas ang Amerika!! Iligtas ang Amerika!!! Mga mamamayan ng California! Magkakasama nating iligtas ang Amerika mula sa pagiging ikatlong mundo na bansa. Sobra na ang malalim na pagdurusa ng Amerikano. Pinabagsak ng mga tao sa Washington ang bansang ito. Dahil dito, ang paghalal kay Dr. Akinyemi Agbede, bilang inyong susunod na senador ng Estados Unidos na kumakatawan sa ginintuang estado ng California 2016 ay ang sagot upang mabawi natin ang ating bansa.

6775 Santa Monica Blvd.
Suite 4-254
Los Angeles, CA 90038

Tel: (559) 250-2563
Email: yemibode@hotmail.com
www.americamustregainitsgreatness2016.com

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay ipinasiya sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot ng alpabeto. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang katumpakan ay hindi sinuri. Ang bawat pahayag ay kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## SENADO NG ESTADOS UNIDOS

### Jerry J. Laws | REPUBLIKANO

Walang Isinumiteng Litrato

Tagapagtaguyod ng Saligang-batas. Amerikanismo. *www.lawsussenate2016.com*

14411 Northstar Ave.
Victorville, CA 92392

Tel: (760) 952-0294 (bahay) (760) 220-9814 (selular)
Email: jerryjosephlaws2016@aol.com
www.lawsussenate2016.com

### Loretta L. Sanchez | DEMOKRATIKO



Ang California ay nangangailangan ng isang makaranasan at subok na lider upang tugunan ang lahat ng hamong pangkabuhayan, pang-edukasyon at panseguridad na kinakaharap natin ngayon. Ang ating susunod ng Senador ng U.S. ay dapat magtaglay ng malawak na pambatasan at pambansang karanasan sa seguridad at nararanasan ang mga karanasan ng mga nagtatrabahong tao. Nararanasan ko ang mga iyon, kaya ako ang pinakamahusay na kandidato para sa trabaho. Ako ay mula sa isang sambahayan ng unyon ng mga imigranteng magulang na nagsikap upang masuportahan ang pitong anak. Ako ay nagtrabaho upang makatapos ng kolehiyo sa tulong ng mga gawad ng pamahalaan at unyon, at ang Anaheim Rotary Club ang nagbayad para sa aking MBA. Alam ko ang mga paghihirap ng mga nagtatrabahong pamilya. Ang aking mga magulang ay masipag na nagtrabaho, nagpahalaga sa edukasyon at ang tanging mga magulang sa kasaysayan ng Amerika na nagpadala ng dalawang anak na babae sa Kongreso. Iyon ang dahilan kung bakit 20 taon akong nakipaglaban sa Kongreso para sa edukasyon, tulong sa matrikula, reporma sa pangangalagang pangkalusugan, reporma sa imigrasyon, pagkakapantay-pantay sa kasarian, mga karapatan ng LGBT, mga karapatan ng manggagawa, at proteksiyon ng kapaligiran. Ako ay nagpakita rin ng independiyenteng pagpapasiya at tapang kapag lubos itong mahalaga. Ako ay bumoto laban sa Digmaan sa Iraq, Batas ng Makabayan, at ng pagliligtas sa bangko, noong iilan ang gumawa nito. Bilang isang nakatataas na miyembro ng mga Komite sa mga Armadong Serbisyo at Seguridad ng Sariling Bayan, ako ay nagtrabaho upang tiyakin na ang ating mga tropa ay sinanay at may kagamitan upang manalo at pinangangalagaan kapag umuwi sila. Ako ang tanging kandidato na may karanasan sa pambansang seguridad na kailangan upang panatilihing ligtas ang Amerika. Bilang inyong Senador, lalaban ako para sa lahat ng mamamayan ng California, upang magkakasama ay magkaroon tayo ng isang mas malakas at mas masaganang hinaharap. Mapagkumbaba ko pong hinihingi ang inyong boto.

P.O. Box 6037
Santa Ana, CA 92706

Tel: (714) 774-0236
Email: info@loretta.org
http://loretta.org

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay ipinasiya sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot ng alpabeto. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang katumpakan ay hindi sinuri. Ang bawat pahayag ay kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## SENADO NG ESTADOS UNIDOS



### Duf Sundheim | REPUBLIKANO

Ang kawalan ng katiyakan sa ekonomiya at mga atake ng terorista ay lumikha ng nakababahalang panahon. Gusto natin ng *aksiyon* mula sa ating mga lider; sa halip nito ang natatanggap natin ay sobrang pagiging partidista at isang naghihiwalay, hindi mabisang pamahalaan. Nangangako akong maging *iba*. Ako ay magiging matapang, *balanse*. Ako ay hahanap ng makakamit na mga solusyon. Minsan ang California ay ang "Lupa ng mga Pangarap"; naghahangad na makipagtagisan, magkamit—at manalo para sa ating mga sarili at ating mga pamilya. Pero ang pangarap na iyon ay sinasakal ng mga lider na pumili ng *sukdulan* na mga posisyon. Ang resulta ay ang mga negosyo, ating mga kapitbahay at ating mga anak ay umaalis sa California. Ang ating mga paaralan ay itinuturing na ika-41 sa bansa. Ang mga buwis ay patuloy na tumataas, at ang gastos sa pamumuhay ay hanggang bubong. Ang pagdurugong ito ay dapat matapos. Ako ay may karanasan at karubduban upang ayusin ito. Ako ay nagtapos mula sa Stanford at Northwestern Law. *Ang ikinabubuhay ko ay ang paglutas ng mga problema*. Ako ay isang inaprobahan ng pederal na hukuman na tagapamagitan at boluntaryong hukom sa pag-aayos. Ako ay Tagapangulo ng Partidong Republikano ng California, nangangasiwa sa tanging matagumpay na pagpapaalis sa katungkulan ng isang gobernador, at ang unang muling inihalal; dahil *nagawa natin ang mga bagay*. Ang mga lider mula sa bawat maiisip na sektor ay sumusuporta sa aking bisyon na buhayin ang "Pangarap na California." Dating Kalihim ng Estado George Shultz, Lider ng Mayoriya Kevin McCarthy, John Chambers ng Cisco, Alkalde ng Fresno Ashley Swearengin, ang Kapisanan ng Maliliit na Negosyo ng California. Ako ay pinapatnubayan ng Saligang-batas. Ang aking mga priyoridad ay mga trabaho, pambansang seguridad, edukasyon at tubig. Mangyaring bisitahin ang *SundheimforSenate.com* para sa mga detalye ng patakaran. Integridad. Sentido Kumon. Mga Resulta. Ang mga ito ay aking pundasyon—at ang pundasyon kung saan ibabalik natin ang ating "Lupa ng mga Pangarap."

27319 Julietta Lane
Los Altos Hills, CA 94022

Tel: (650) 209-0949
Email: dufsundheim37@gmail.com
SundheimforSenate.com

Walang Isinumiteng Litrato

### Ling Ling Shi | WALANG KINAKATIGANG PARTIDO

Tumakbo para sa Puso ng Diyos at Kalayaan ng Amerika, salungatin ang 10 higanteng kaguluhan sa ekonomiya at mga sektor na may kaugnayan sa ekonomiya.

P.O. Box 55
Rancho Cucamonga, CA 91729

Tel: (909) 728-0578
Email: lingling_lilyofvalley_shi@yahoo.com
www.wellsARK.com

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay ipinasiya sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot ng alpabeto. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang katumpakan ay hindi sinuri. Ang bawat pahayag ay kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## SENADO NG ESTADOS UNIDOS



### Paul Merritt | WALANG KINAKATIGANG PARTIDO

Gumagawa ng kasaysayan ang California . . . ihalal ang isang independiyenteng Senador Merritt. Ihalal ang isang independiyenteng mag-isip. Ihalal ang tao, hindi ang Partidong nasa kapangyarihan. Ang ating Pambansang pamahalaan ay wasak. Kailangan natin ng isang malakas na depensa ng USA. Si Merritt ay solido sa mga pandaigdig na isyu. Ako ay naniniwala sa Pananalampalataya, paggalang sa tao at lahat ng relihiyon. Si Merritt ay sumusuporta sa bakod na panseguridad ng hangganan ni Senadora Feinstein, walang pagdril ng langis sa katihan, at Batas sa proteksiyon ng kapaligiran ng ating disyerto. Si Merritt ay naniniwala na ang ideya ni Presidente Reagan na maliit na pamahalaan ay pinakamahusay. Karanasan: dalawang digri sa batas, broker, may-ari ng hotel, inihalal na konsehal ng lungsod. Mga lupon ng may-ari ng bahay: Palm Springs, Santa Barbara, San Francisco, Orange County. Habambuhay na miyembro ng Nature Conservancy. Karamihan ng mga Bilyonaryong Republikano at boss ng Unyon na mga Demokratiko ay hindi kumakatawan sa inyo! Si Merritt ay Independiyente para sa lahat ng Mamamayan. Si Paul Merritt ay isang mamamayan ng California!

P.O. Box 9145
Laguna, CA 92652

Tel: (949) 249-2492
Email: electmerrittsenator@yahoo.com
merrittforsenate.info



### Massie Munroe | DEMOKRATIKO

Ang aking kandidatura ay kumakatawan sa Saligang-batas ng Estados Unidos, ang tanging kontrata sa pagitan ng mga tao ng Amerika at pamahalaan "Ng mga tao, Sa pamamagitan ng mga tao, Para sa mga tao" ng Amerika na ibabalik at palalakasin sa Amerika at paabutin sa UN bilang isang kontrata sa pagitan ng mga tao ng ating mundo sa pamamagitan ng pamumuno ng US at diplomasya. Ang mga pandaigdig na bangkero, mga lider na korporasyong pangmaraming bansa, mga militar at pulisya ay dapat sumunod nang 100%, sumunod sa Saligang-batas ng US/UN sa Diwa ng Katotohanan, Naglilingkod sa Lahat sa Kapayapaan. Ang pagbabago mula sa Panahon ng Pang-industriyang Teknolohiya patungo sa bagong "Panahon ng Teknolohiya ng Enerhiya" *ay pupuno sa mga pamilihan ng trabaho sa US para sa susunod na 500 taon*. Ang aking kampanya ay kumakatawan sa pagtatapos ng tuntunin ng mga pandaigdig na bangkero at ng kanilang pinansiyal na pagsasamantala sa mga bansa; muling pagtatag ng pamamayani ng mga tao sa pamamagitan ng paglikha ng isang Bangko ng Mamamayan upang maglingkod bilang bangko sentral ng Amerika; tinatapos ang pagkontrol ng isipan na pang-aalipin; tinatapos ang di-pinagkasunduan na pagsubok sa tao; tinatapos ang gutom, kawalan ng bahay at karahasan; nagpoprotekta sa mundo, tubig, hangin, mga gubat, dagat at hayop; ginagamit ang kamalayan ni Kristo at ipinatutupad ang hustisyang ayon sa saligang-batas sa ilalim ng pamumuno ng US/UN. Sa pamamagitan ng aking pambansa at pandaigdig na pananaliksik at aktibismong pampulitika, tinukoy ko ang *"pagkontrol ng isipan na pang-aalipin"* sa pamamagitan ng mga sandatang teknolohiya ng satelayt na enerhiya at mga programa sa inhinyeriyang panlipunan na nasa patuloy na pagpapaunlad sa nakalipas na 50 taon at nagpadali sa *"deklasipikasyon"* ng mga ito. Bilang resulta, ako ay sumailalim sa mabibigat na parusa na nagpapatuloy. Hinihiling ko sa iyo, ang botante, na umangat sa lahat ng hindi totoong paratang na umaatake sa aking magandang karakter at puso. Tingnan ang aking ebidensiya at suriin ang aking serbisyo. Ang pagiging presidente ni Senador Bernie Sanders ay napakahalaga upang maging katotohanan ito.

2167 East Chevy Chase Dr.
Glendale, CA 91206-1732

Tel: (818) 943-0661 (selular)   (818) 245-6993 (opisina)
Email: massie@massieglobal.com
www.massiemunroe4ussenator.com

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay ipinasiya sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot ng alpabeto. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang katumpakan ay hindi sinuri. Ang bawat pahayag ay kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## SENADO NG ESTADOS UNIDOS



### Tim Gildersleeve | WALANG KINAKATIGANG PARTIDO

Ako ay isang tagasunod ni Hesukristo. Ako ay naninindigan para sa mahirap, matanda, at may-kapansanan, mga isyung pangkapaligiran, mga unyon, maliit na negosyo, at kumakatawan sa pangkaraniwang mamamayan. Ang aking website ay: *http://www.alternativevoiceforamerica.org.*

Tel: (408) 915-8713
Email: timg@alternativevoiceforamerica.org
http://www.alternativevoiceforamerica.org



### President Cristina Grappo | DEMOKRATIKO

Ang aking edukasyon at kadalubhasaan ay karapat-dapat sa mapanlikhang trabahong ito upang katawanin ang California, bilang Senador ng Estados Unidos. Ako ay humahawak ng isang plataporma ng Partidong Demokratiko sa mga pangunahing isyu para sa pagkontrol ng baril, pagtrapiko ng tao, pagbalanse ng pambansang kakulangan, at mga inisyatibo sa patakarang panlabas. Ako ay nasa pangmaraming Facebook sa panlipunang media! Ang aking mga pangunahing pinahahalagahan ay nagpapatakbo sa Amerika!

P.O. Box 1307
Alameda, CA 94501

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay ipinasiya sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot ng alpabeto. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang katumpakan ay hindi sinuri. Ang bawat pahayag ay kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## SENADO NG ESTADOS UNIDOS

### Don J. Grundmann | WALANG KINAKATIGANG PARTIDO

Walang Isinumiteng Litrato

Fight-the-Power.org

425 E. Merle Ct.
San Leandro, CA 94577

Tel: (510) 895-6789
Email: stoptheirs@hotmail.com
fight-the-power.org

### Herbert G. Peters | DEMOKRATIKO

Walang Isinumiteng Litrato

Andrew Jackson na Demokratiko. Ating unang 70 taon; ang ating county ay umunlad at yumabong. Tayo ay walang buwis sa kita. Alituntuning Pamatnubay: Malinaw na Tadhana. Ang mga Demokratikong Presidente; pinakamatalino sila: Binalanse ni Andrew Jackson ang badyet sa pito ng walong taon. Bineto ni Franklin Pierce ang isang pederal na batas sa kawanggawa ng pamahalaan. Upang hadlangan ang pagbagsak ng huling 118 taon: balansehin ang ating badyet, pigilan ang digmaan, bawasan ang mga gastos, bawasan ang mga buwis, pawalang-bisa ang kawanggawa ng pamahalaan at pinakamababang suweldo upang lahat ay makahanap ng mga trabaho. Ang mga Simbahan at Kawanggawa ay tumutulong sa mga nangangailangan. Bawasan ang pang-aapi: palitan ang buwis sa kita ng buwis sa pagbebenta. Hangarin: Mas magandang buhay para sa lahat.

Email: herb@herbpeters.com
http://www.revival-herbpeters.com

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay ipinasiya sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot ng alpabeto. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang katumpakan ay hindi sinuri. Ang bawat pahayag ay kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## SENADO NG ESTADOS UNIDOS

### **Tom Palzer** | REPUBLIKANO



Ako ay kumakandidato para sa Senado ng U.S. upang ibalik ang konserbatibong pamahalaan sa California at sa Bansa. Ako ay may 32 taon ng karanasan sa pagpapayo sa mga inihalal na opisyal sa lahat ng antas ng pamahalaan. Mga Priyoridad: Pambansang Depensa, Paglaban sa Terorismo, Ekonomiya, mga Gawain ng mga Beterano, Buhay-sa-Paglilihi.

7259 Corvina Ct., Unit 26
Rancho Cucamonga, CA 91739

Tel: (909) 913-9500
Email: info@us-senateseat2016.com
http://www.us-senateseat2016.com

### **Greg Conlon** | REPUBLIKANO



Ako ay kasosyo sa isang pandaigdig na kompanya ng pagtutuos, naglilingkod sa mga kliyente bilang isang CPA, at isang tagapayo sa negosyo sa iba't ibang entidad ng negosyo. Ako ay may lisensiya ng abugado sa Washington D.C. at naging isang piloto sa Hukbong Panghimpapawid ng US. Nauunawaan ko ang pangkabuhayan, pinansiyal at legal na mga hamon sa pagbalanse sa mga badyet at mabisang naglilingkod sa publiko at mga Beterano. Bilang karagdagan ako ay isang Agilang Iskaut. Bilang isang Komisyonado at Presidente ng Komisyonado ng Komisyon sa mga Pampublikong Utilidad ng California ako ang namamahala ng mga pamamaraan na nagpapahintulot sa pantahanan at pangkomersiyong mga parokyano upang bumili ng kuryente nang diresto mula sa pribado at mga pampublikong entidad sa komunidad hindi sa mga utilidad na may pribadong pagmamay-ari. Ako ay namuno rin ng isang inisyatibo na nagtaas ng kompetisyon at nagpahintulot sa mga negosyo na pumili ng ibang mga tagapagkaloob ng telekomunikasyon. Kung mahalal ako ay may tatlong layunin: *Una*, bawasan ang laki ng pamahalaan at balansehin ang Pederal na badyet bawat taon sa pamamagitan ng pagbawas sa lakas paggawa sa pangangasiwa sa mga Pederal na ahensiya at hindi pagpapalit sa mga retiradong empleyado.
*Ikalawa*, lutasin ang mga isyu sa imigrasyon sa pamamagitan ng pagpapalakas sa ating mga hangganan, pagpapatupad ng mga takdang panahon ng mga visa na iniisyu sa mga banyagang mamamayan at bawasan ang lahat ng Pederal na pagpopondo sa tinatawag na mga santuwaryong lungsod.
*Ikatlo*, magkaloob ng mga trabaho ng pribadong sektor sa pamamagitan ng pagbawas sa antas ng buwis sa kita sa malalaking negosyo sa 5% para sa perang ibinalik sa U.S. bilang kapalit ng paglikha ng bagong trabaho. Ako ang Republikanong iminungkahi para Ingat-Yaman ng Estado noong 2014 at nakakuha ng halos 3.0 milyong boto; alam ko kung paano patakbuhin ang isang matagumpay na Pangkalahatang Halalan. Inaasahan ko ang pagkatawan sa California at ikararangal na matanggap ang inyong boto.

3875 Bohannon Dr.
P.O. Box 2600
Menlo Park, CA 94027

Tel: (650) 315-4956
Email: conlonpg@msn.com
www.gregconlon.com

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay ipinasiya sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot ng alpabeto. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang katumpakan ay hindi sinuri. Ang bawat pahayag ay kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## SENADO NG ESTADOS UNIDOS

### Karen Roseberry | REPUBLIKANO



*S.A.V.E. the future!*

Palmdale, CA

Email: karenroseberryforsenate@gmail.com
www.karenroseberryforsenate.com

### Von Hougo | REPUBLIKANO



"Tayo ang mga Tao" ang pundasyon ng dakilang bansang ito. Bilang inyong Senador ng U.S., ako ay magtatrabahong kasama ng nakabase sa California na mga kompanya ng teknolohiya upang bumuo ng isang pinatatakbo-ng-botante na plataporma na nagpapahintulot sa inyo na isatinig ang inyong opinyon sa bawat Panukalang-batas sa harap ng Senado. Ang bawat Panukalang-batas ay babalangkasin na may mga pabor, mga kontra, mga benepisyo, mga panganib, at pagsusuri ng gastos. Maaari ninyong ipatala ang inyong boto at ang mga pambuong-estadong resulta ay ipapakita sa tunay na oras. Ako ay boboto sa Senado batay sa boto ng mayoriya ng mga mamamayan ng California—sa bawat pagkakataon. Ito ay titiyak na ako ay laging nananagot at nagtatrabaho sa makakabuti sa mga tao ng California. Itong protektadong portal ng pagboto ay magbibigay ng kakayahan sa iyo na iparinig ang iyong Tinig at ibilang ang iyong Boto sa bawat Panukalang-batas, hindi minsan lamang sa bawat ikot ng halalan. Magagawa mo ring tukuyin ang iyong antas ng paglahok, pinipili ang mga isyu na mahalaga sa iyo. Tuwing ang isang Panukalang-batas ay darating sa harap ng Senado, padadalhan ka ng isang teksto o email na paunawa. Ang iyong boto ay tunay na magkakaroon ng halaga. Gagawin ng platapormang ito na nananagot ang ating pamahalaan sa mga tao ng California sa pamamagitan ng pagsalungat sa kasalukuyang kalagayan: Mga Partidong Pampulitika, PAC at Espesyal na Interes. Ibabalik ko ang kapangyarihan sa mga kamay ng mga Tao, kung saan ito nararapat. Inaasahan ko ang pagtatrabahong kasama ninyo para sa isang mas magandang California. Para sa karagdagang impormasyon o upang irekomenda ang aking walang-donasyon na kampanya, mangyaring bisitahin ang von4senate.org. Iyong Tinig. Iyong Boto. Iyong Senador. Iboto si Von Hougo para sa Senador ng U.S.

27552 Mariam Pl.
Santa Clarita, CA 91350

Tel: (661) 219-3268 (661) 296-3589
Email: vonhougo@gmail.com
von4senate.com

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay ipinasiya sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot ng alpabeto. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang katumpakan ay hindi sinuri. Ang bawat pahayag ay kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## SENADO NG ESTADOS UNIDOS



### Jason Hanania | WALANG KINAKATIGANG PARTIDO

01100101.

182 Howard St. #121
San Francisco, CA 94105

Tel: (415) 654-6291
Email: 2016@jasonhanania.com
www.jasonhanania.com



### Kamala D. Harris | DEMOKRATIKO

Ang aking pangalan ay Kamala Harris. Ako ay kumandidato para sa Senado ng Estados Unidos dahil ako ay naniniwala na panahon na upang kumpunihin ang hagdan ng pagkakataon para sa mas maraming mamamayan ng California at mas maraming Amerikano. Ipinagmamalaki ko ang pagiging isang anak ng California. Ako ay ipinanganak sa Oakland. Ako ay nag-aral sa mga pampublikong paaralan ng California. Bilang isang buong-buhay na tagausig, ako ay laging naglilingkod sa isang kliyente lamang. Ang mga Tao ng California. Bilang isang Abugado ng Distrito ng San Francisco at Abugado Heneral ng California, nagawa ko ang bagay para sa mga Tao ng California. Hinarap ko ang mararahas na maninila, kabilang ang transnasyonal na mga organisasyon ng kriminal at mga tagatrapiko ng tao na nakikinabang sa pagsasamantala sa mga babae at bata. Hinarap ko rin ang malalaking tagapagparumi at malalaking bangko at nagtrabaho sa kabilang pasilyo upang ipasa ang pinakamabigat na batas ng bansa laban sa pagkaremata upang protektahan ang ating mga may-ari ng bahay. Ito ang pagharap na dadalhin ko bilang isang Senador ng Estados Unidos. Ako ay lalaban para sa mga trabahong kailangan ng ating mga tao sa pamamagitan ng pagdadala ng mga pederal na dolyar na magkukumpuni sa ating bumabagsak na mga sistema ng tubig at transportasyon. Ako ay lalaban para sa mas mahusay na mga paaralan at upang bigyan ang bawat bata ng daan sa pre-kindergarten at abot-kayang pag-aalaga ng bata. Ako ay lalaban para sa ating mga beterano na nararapat sa mahusay na pangangalagang pangkalusugan at pagsasanay para sa trabaho kapag umuwi sila. Ipagtatanggol ko ang ating kapaligiran at baybay-dagat at pamumunuan ang paglaban sa pagbabago ng klima. Bilang isang tagausig ang karera, ako ay magtatrabaho bawat araw upang panatilihing ligtas ang ating mga tao mula sa terorismo sa bahay at ibang bansa. Mangyaring sumama sa amin. Salamat sa inyong pagsasaalang-alang.

P.O. Box 78393
San Francisco, CA 94107

Tel: (213) 221-1269
Email: info@kamalaharris.org
www.kamalaharris.org

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay ipinasiya sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot ng alpabeto. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang katumpakan ay hindi sinuri. Ang bawat pahayag ay kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## SENADO NG ESTADOS UNIDOS



### Mike Beitiks | WALANG KINAKATIGANG PARTIDO

Ang aking plataporma ay makitid. Ito ay higit na masasabing isang board lamang, sa totoo. Ang mga pederal na mambabatas ay walang ginagawa upang protektahan tayo laban sa banta ng pagbabago ng klima. Hindi ako gagawa ng wala. Isinusumpa ko sa puntod ng mga mamamayan ng California sa hinaharap na hindi ko isasakripisyo ang ating tunay na klima sa ating pampulitikang klima.

www.Iwillnotdonothing.org



### Jason Kraus | WALANG KINAKATIGANG PARTIDO

Bawat halalan ang mga mamamayan ng California ay nagpapasan ng mga kaparehong problema, mga kaparehong isyu, at mga kaparehong mukha. Ang mga pulitiko ay humihingi ng ating pera sa paggawa ng mga pangako na hindi tutuparin. Dapat tayong bumalik sa mga basiko. Tanggapin ang lahat ng anyo ng buwis sa kita na magtataas ng bilang ng nagtatrabaho, magpapalakas sa ating ekonomiya, at magpoprotekta sa paraan ng ating buhay. Ako ay tumanggi sa lahat ng kontribusyon, hindi tatanggap ng suweldo, at maglilingkod ng ISA lamang takdang panahon. Ako ay hindi isang Republikano o isang Demokratiko. Ako ay isang Amerikano . . . na tulad ninyo. Jason Kraus. Senado ng Estados Unidos 2017. Para sa karagdagang impormasyon *www.aleadernotapolitician.com*.

Tel: (916) 542-8721
Email: Jason@ALeaderNotAPolitician.com
www.aleadernotapolitician.com

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay ipinasiya sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot ng alpabeto. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang katumpakan ay hindi sinuri. Ang bawat pahayag ay kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## SENADO NG ESTADOS UNIDOS



### Don Krampe | REPUBLIKANO

Bilang isang Marino ng Estados Unidos, ako ay naglingkod sa aking bansa sa labanan sa panahon ng Digmaan sa Korea. Sa huli ay nagpatuloy ako upang maglingkod sa mga beterano ng ating bansa bilang Direktor ng USO sa Vietnam at bilang katulong sa isang Panrehiyong Direktor para sa Pangasiwaan ng mga Beterano. Noong 1958 ako ay kasamang nagtatag ng Hugh O'Brian Young na mga Seminar sa Pamumuno ng Nasa Hustong Gulang na, mula nang itatag, ay napakinabangan ng daan-daang libong kabataang lalaki at babae. Ako ay nakatanggap ng isang Master sa Pampublikong Pangangasiwa mula sa Cal Lutheran University. Ako ay naniniwala na ang ating dalawang-partidong sistema ay hindi nakakaganap at hindi nauunawaan ang akronima " 'TEAM'—Together Everyone Achieves More (Magkakasama ang Lahat ay Nagkakamit ng Mas Marami)". Ang pinakamahalagang yaman ng ating bansa ay ang ating mga batang nasa hustong gulang at mga estudyante na dapat turuan "Hindi ng Kung Ano ang Dapat Isipin, Kundi Paano Dapat Mag-isip." Gaya ng mahusay na ipinahayag ng Kredong Amerikano: "Ako ay naniniwala sa Estados Unidos ng Amerika bilang isang pamahalaan ng mga tao, sa pamamagitan ng mga tao, para sa mga tao; na ang mga makatarungang kapangyarihan ay nagmula sa pahintulot ng pinamamahalaan, isang demokrasya sa isang republika na isang nagsasariling Bansa ng maraming Nagsasariling Estado; isang perpektong pag-iisa, isa at hindi mapaghihiwalay: itinatag sa mga prinsipyo ng kalayaan, pagkakapantay-pantay, hustisya, at humanidad na ang mga makabayang Amerikano ay nagsakripisyo ng kanilang mga buhay at kayamanan. Dahil dito ay naniniwala ako na tungkulin ko sa aking bansa na mahalin ito, suportahan ang Saligang-batas nito, sundin ang mga batas nito, igalang ang bandila nito, at ipagtanggol ito laban sa lahat ng kaaway." Ikalulugod ko po ang inyong pagsasaalang-alang. Upang makakuha ng karagdagang kaalaman bisitahin ang aking website: *2016krampeforsenate.com*.

40581 Via Amapola
Murrieta, CA 92562

Tel: (951) 600-0542
Email: xptriumph@hotmail.com
www.2016krampeforsenate.com

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay ipinasiya sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot ng alpabeto. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang katumpakan ay hindi sinuri. Ang bawat pahayag ay kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.